GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

4

# Arts

Unang Markahan – Modyul 1

## Mga Iba't Ibang Kultural na Pamanayan sa Luzon, Visayas, at Mindanao

Leody Mae C. De La Cruz



A Joint Project of the
SCHOOLS DIVISION OF DIPOLOG CITY
and the
DIPOLOG CITY GOVERNMENT

**Arts – Ika-apat na Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Unang Markahan – Modyul 1: Mga Iba't Ibang Kultural na Pamayanan sa Luzon, Visayas, at Mindanao**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Leody Mae C. dela Cruz | |
| **Editor:** | Fely Joy S. Mayes | |
| **Tagasuri:** | Petrush G. Macute | |
| **Tagaguhit:** | | |
| **Tagalapat:** | Fritchie S. Paladen | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan | -Schools Division Superintendent |
| | Jay S. Montealto | -Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | -Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | -Chief Education Supervisor, SGOD |
| | Ronillo S. Yarag | -Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | -Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**

Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City

Telefax: (065) 212-6986

E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

# *Alamin*

Gamit ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. **Natatalakay ang iba't ibang kultural na pamayanan sa Pilipinas at ang kanilang pagkakaiba**
   **(1.1 Luzon – Ivatan, Ifugao, Kalinga, Bontoc, Gaddang, Agta**
   **(1.2 Visayas – Ati**
   **(1.3 Mindanao – Badjao, Mangyan, Samal Yakan, Ubanon, Manobo, Higaonon, Talandig, Matigsalog, Bilaan, T'Boli, Tiruray, Mansaka, Tausug) at ang pagkakaiba ng kanilang kultural na katangian ayon sa uri ng pananamit, palamuti sa katawan, paniniwala, at pamumuhay. -(MELC)**

Mga tiyak na kaalaman na dapat ong matutunan sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

a. Nakakikita sa mga kultural na pamayanan sa Luzon, Visayas, at Mindanao
b. Nakapaglalarawan sa iba't ibang kultural na pamanayan sa Luzon, Visayas, at Mindanao,

## *Subukin*

Panuto: Kilalanin ang mga larawan sa kultural na pamayanan ng Pilipinas. Isulat sa hiwalay na papel ang titik (**L**) kung ito ay napabilang sa pamayanan ng Luzon, (**V**) kung sa pamayanan ng Visayas, at (**M**) kung sa pamayanan ng Mindanao.

1.



2.




3.




4.




5. 

6. 

7. 

8. 


9. 


10. 

| Aralin 1 | Mga Iba't Ibang Kultural na Pamayanan ng Luzon, Visayas, at Mindanao at ang Kanilang Pagkakaiba |
|---|---|



## *Balikan*

Ano ang tatlong pangunahing pulo ng Pilipinas?

Anu-ano ang mga pangkat etniko sa Pilipinas na alam mo?

## *Tuklasin*









Pag – aralan ang mga disenyo ng mga kasuotan sa mga larawan.


# *Suriin*


## LUZON


Ang mga **Ifugao** ay naninirahan sa Hilagang Luzon. Makikita ang mga disenyo sa kanilang mga kasuotan at kagamitan tulad ng araw, kidlat, isda, ahas, butiki, puno at tao.

Makukulay pananamit at palamuti ng mga **Kalinga** na matatagpuan sa pinakahilagang bahagi ng Luzon. Napakahalaga sa kanila ang mga palamuti sa katawan na nagpapakilala sa kanilang katayuan sa lipunan. Madalas gamitin ang mga Kalinga ang kulay na pula, dilaw, berde at itim.

Ang **Gaddang** naman sa Nueva Viscaya ay kilala at bantog sa paghahabi ng tela. Ang mga manghahabing Gaddang ay gumagamit ng tradisyunal na hakbang sa paghahabi na may mabusising paglalagay ng mga palamuti gaya ng *plastic beads* at bato. Ilan sa kanilang mga produktong ipinagmamalaki ay ang **bakwat** *(Belt),* **aken** (*Skirt*) at **abag** (*G – string*) na gawa sa mga mamahalin at maliliit na bato.


Disenyong Ifugao


Disenyong Kalinga


Disenyong Gaddang

## VISAYAS

Bago pa dumating ang mga Kastila sa ating bansa, ang mga pangkat – etniko ay may kaniya – kaniyang katutubong sining o *motif* na higit nilang napaunlad at napayaman hanggang sa ngayon. Isa sa mga kilalang pangkat mula sa Visayas ay ang mga **Panay – Bukidnon.** Sila ay naninirahan sa mga Bulubunduking lugar ng Lambunao, Iloilo. Kilala rin sila sa madetalyeng paraan ng pagbuburda at tinatawag nila itong **panubok.** Ang mga damit na may burda ay ginagamit na kasuotan sa isang pagtatanghal sa Iloilo na tinatawag na **Tinubkan *Fashion Show.***



Ang mga Ati ay isang pangkat etniko ng mga Negrito na nasa Panay sa Kabisayaan (mga pulo ng Cebu, Bohol, Siquijor, Leyte, Samar, Panay, Masbate, Negros at Guimaras), na nasa gitnang bahagi ng kapuluan ng Pilipinas. Sila ay mayroong kaugnayang henetiko sa iba pang mga pangkat-etniko ng mga Negrito sa Pilipinas, katulad ng mga Aeta ng Luzon, ng Batak ng Palawan, at ng Mamanwa ng Mindanao

Ang Atí-Atíhan ay isang pista tuwing ikatlong linggo ng Enero sa Kalibo, Aklan. Ito ay karaniwang ipinagdiriwang pagkatapos ng selebrasyon ng pagdadala ng Tatlong Hari kay Jesus sa sabsaban. Gamit ang makukulay na maskara, uling sa katawan, at iba pang mga makukulay na kasuotan, ang mga táong kaisa sa pagdiriwang ay sumasayaw ng tunog ng mga tambol at sigaw na "Hala, Bira!."



## MINDANAO

Ang mga **Maranao** ay nakatira sa paligid ng Lawa ng Lanao, Lanao del Sur, Lanao del Norte, Lungsod ng Marawi, at Lungsod ng Iligan. Nananatili pa rin ang kanilang tunay na naiibang disenyo at kulay sa kanilang mga gawang ukit, damit, at banig, at sa kanilang kagamitang gawa sa tanso.




Ang mga **T'boli** ay matatagpuan sa Cotabato. Gumagawa sila ng tela para sa damit mula sa T'nalak na hinahabi mula sa hibla ng abaka. Nagpapahid sila ng pulut – pukyutan sa mukha, nagsusuot din sila ng maraming hikaw, kwintas, maliliit na kampanilya, at binurdahang damit.




Ang mga **Yakan** ay ang pangunahing pangkat ng mga Muslim sa Basilan. Sila at kilala sa paglalala, na ginagamitan nila ng mga halaman at prutas tulad ng pinya at abaka. Gumagamit din sila ng mga dagta ng dahon, ugat at sanga, bilang pangkulay. Sila rin ay nagtitina ng mga hibla na may iba' t ibang kulay at disenyo. Lahat ng mga gawang tela ng mga Yakan ay may kakaibang desenyo at kulay tulad ng *table runner, placemat, wall décor,* at iba pa.





# Pagyamanin

**Modified True or False:**

Isulat ang titik T kung ang pangungusap ay nagsasaad ng tamang paglalarawan ng mga kultural na pamayanan at kung mali, baguhin ang salitang nakasalungguhit para itoy maging tama. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang mga Yakan ay nabibilang sa kultural na pamayanan ng Luzon.

2. Ang mga Gaddang ay kilala sa paghabi ng tela.

3. Ang mga T'boli ay matatagpuan sa Basilan.

4. Ang Sinulog ay isang pista na ipinagdiriwang sa Kalibo, Aklan gamit ang makukulay na mga kasuotan.

5. Matatagpuan sa pinaka hilagang bahagi ng Luzon at may makukulay na pananamit at palamuti ang mga Ifugao.

6. Gumagamit ng disenyong araw, kidlat, isda, aha, bitiki, puno at tao sa kanilang kasuotan at kagamitan ang mga Gaddang.

7. May naiibang disenyo at kulay sa kanilang mga gawang ukit, damit, at banig, at sa kanilang kagamitang gawa sa tanso ang mga Maranao.

8. Gumagamit ang mga Ati ng mga dagta ng dahon, ugat at sanga, bilang pangkulay sa kanilang mga nilalalang tela.

9. Ang aken ay gawa sa mamahalin at malilit na bato ng mga Gaddang.

10. Ang iba't ibang kultural na pamayanan sa Pilipinas ay may malaking naiambag lalo na sa pananamit, paniniwala at tradisyon nating mga Pilipino.


# Isaisip

Ang mga disenyong kultural ng pamayanan sa Luzon ay isa sa mga pamana ng sining sa ating bansa. Kaakit – akit at kanais – nais sa paningin ang kanilang mga likhang disenyo na ginagamitan ng iba't ibang linya, hugis, at kulay. Ilan sa mga ito ay ang mga inukit o nililok na kahaoy at mga damit na may iba't ibang burda. Karamihan ng kanilang mga ginawang disenyo ay hango sa kalikasan o maging sa kapaligiran tulad ng dahon, tao, bundok, at mga hayop.

Ang ating bansa ay punung – puno ng magagandang likha. Ang mga mga ito ay nagtataglay ng mga elemento ng sining tulad ng linya, hugis, kulay, at may prinsipyong paulit – ulit.

Ang likas na kagandahang ito ng kapaligiran ay nagsisilbing inspirasyon ng mga kultural na pamayanan na naninirahan sa Visayas.

Ang mga disenyo sa kultural na pamayanan sa Mindanao ay makikita sa kanilang mga kagamitan at kasuotan na ginagamitan ng iba't ibang linya, kulay at hugais. Ang mga ito ay hango sa kalikasan at sa kapaligiran tulad ng hayop, dahon, bundok, araw, at bituin.



## *Isagawa*

**Ilarawan ang kultural na pamayanan ng Luzon, Visayas at Mindanao. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

Ang Kultural na pamayanan ng Luzon ay ______________________.

Ang Kultural na pamayanan ng Visayas ay ______________________.

Ang Kultural na pamayanan ng Mindanao ay ______________________.



## *Tayahin*

Paghambing - hambingin ang kultural na pamayanan ng Luzon, kultural na pamayanan ng Visayas at kultural na pamayanan ng Mindanao. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

## *Karagdagang Gawain*

Pumili ng isa sa tatlong kultural na pamayanan at sabihin kung alin ang gusto mo at bakit? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

**Rubric sa Pagtataya**

| Mga Krayteria | 1 | 2 | 3 | 5 |
|---|---|---|---|---|
| Presentasyon | Mahirap basahin dahil sa hindi maayos at malinis na pagkakasulat | May kahirapang unawain ang pagkakasulat ng pangungusap | Malinis ngunit hindi lahat ay maayos ang pagkakasulat ng mga pangungusap | Malinis at maayos ang pagkakasulat ng talata |
| Organisasyon | Hindi maayos ang organisayon ng mga ideya at walang panimula at kongklusyon | May lohikal na organisasyon ngunit hindi masyadong mabisa ang panimula at kongklusyon | Maayos ang organisasyon pagkakabuo ng talata na may angkop na simula at kongklusyon | Mahusay ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa kabuuan ng talata, mabisa ang panimula at malakas ang kongklusyon batay sa ebidensya |

# Susi sa Pagwawasto

**Tayahin**

Rubriks:

| Pamantayan | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| 1. Naihahambing ang kultural na pamayanan sa Luzon, Visayas, at Mindanao | Lahat ng sagot ay tama | May isa o dalawang sagot ang mali | Lahat ng sagot ay mali |
| 2. Naipapakita ang pagkakaiba ng kultural na pamayanan sa Luzon, Visayas, at Mindanao | Lahat ng sagot ay tama | May isa o dalawang sagot ang mali | Lahat ng sagot ay mali |
| 3. Nailalarawan ang kanilang pagkakapareho | Lahat ng sagot ay tama | May isa o dalawang sagot ang mali | Lahat ng sagot ay mali |

**Isagawa:**

-magkaiba ang mga kasagutan

**Pagyamanin:**

1. Mindanao
2. T
3. Yakan
4. Ati – atihan
5. Kalinga
6. Ifugao
7. T
8. Yakan
9. abag
10. T

**Balikan:**

Unang Tanong

-Luzon

-Visayas

-Mindanao

Ikalawang tanong

1. Iba't kultural na pamayanan sa Pilipinas

**Subukin:**

1. L
2. M
3. L
4. V
5. V
6. M
7. M
8. L
9. M
10. V

# *Mga Sanggunian*


**Inangkop sa Musika at Sining 4 (Gabay ng Guro) at Musika at Sining 4 (Kagamitan ng mga Mag – aaral)**

https://www.slideshare.net/mariejajaroa/aralin-1-mga-disenyo-sa-kultural-na-pamayanan-sa-luzon

https://www.google.com/search?q=disenyo+ng+kultural+na+pamayanan+sa+ati&tbm=isch&ved=2ahUKEwjdtJKZkeDqAhXwGKYKHVX9D1wQ2-cCegQIABAA&oq=disenyo+ng+kultural+na+pamayanan+sa+ati&gs_lcp=CgNpbWcQAzoGCAAQCBAeOgYIABAFEB5QhIgHWL2jB2DvqwdoAHAAeACAAW6IAeUJkgEEMS4xMZgBAKABAaoBC2d3cy13aXotaW1nwAEB&sclient=img&ei=lM8XX92aAvCxmAXV-r_gBQ&bih=654&biw=1360&client=firefox-b-d#imgrc=23P1VfCLmftGVM&imgdii=DNo6keBpTrmZmM

https://www.google.com/search?source=univ&tbm=isch&q=pamayanan+ng+ati&client=firefox-b-d&sa=X&ved=2ahUKEwj85JOClODqAhWLPXAKHa1dD3sQsAR6BAgKEAE&biw=1360&bih=654#imgrc=SKS-Z0wTGTqi6M&imgdii=pGmLYpPEFd-oEM

https://www.google.com/search?q=sinulog+festival&tbm=isch&ved=2ahUKEwi1r7X4leDqAhUfyIsBHesyBckQ2-cCegQIABAA&oq=sinulog&gs_lcp=CgNpbWcQARgAMgcIABCxAxBDMgQIABBDMgQIABBDMgQIABBDMgQIABBDMgIIADICCAAyBAgAEEMyBAgAEEMyAggAOgUIABCxAzoKCAAQsQMQgwEQQ1Dj5wZYtYAHYO6RB2gAcAB4A4ABggGIAYUQkgEEMC4xOZgBAKABAaoBC2d3cy13aXotaW1nsAEAwAEB&sclient=img&ei=jdQXX_W0I5-Qr7wP6-WUyAw&bih=654&biw=1360&client=firefox-b-d

https://www.google.com/search?q=pamayanang+kultural+ng+mindanao&tbm=isch&ved=2ahUKEwin89TQleDqAhUYDJQKHSKbCzQQ2-cCegQIABAA&oq=pamayanang+kultural+ng+mindanao&gs_lcp=CgNpbWcQAzoFCAAQsQM6AggAOgQIABBDOgQIABAeOgYIABAFEB46BggAEAgQHlCtEFiTnQFg86QBaAVwAHgDgAGmAYgB0CuSAQQxLjUxmAEAoAEBqgELZ3dzLXdpei1pbWewAQDAAQE&sclient=img&ei=OtQXX6fuDJiY0ASitq6gAw&bih=654&biw=1360&client=firefox-b-d#imgrc=-Pq6iEeG8EH0tM&imgdii=Egq2XX-rG6HBXM

https://www.google.com/search?q=palamuti+sa+pamayanan+ng+luzon&tbm=isch&ved=2ahUKEwjKifHfmeDqAhUjHKYKHcJDBO4Q2-cCegQIABAA&oq=palamuti+sa+pamayanan+ng+luzon&gs_lcp=CgNpbWcQAzoFCAAQsQM6AggAOgQIABBDOgcIABCxAxBDOggIABCxAxCDAToGCAAQChAYOgQIABAYOgYIABAIEB5Qr7oQWJjhEWDc5hFoCXAAeAOAAZgBiAGYKpIBBDQuNDeYAQCgAQGqAQtnd3Mtd2l6LWltZ7ABAMABAQ&sclient=img&ei=i9gXX4qYNaO4mAXCh5HwDg&bih=654&biw=1360&client=firefox-b-d#imgrc=u3AOxWytGEXAXM

https://cnnphilippines.com/regional/2016/02/17/vinta-festival-sulu-province.html

https://www.google.com/search?safe=active&sxsrf=ALeKk03aQNXf_qDAPZPHvND7LAG5hxxEHA:1596867249790&source=univ&tbm=isch&q=ACTORS+WEARING+CULTURAL+GOWNS+OF+LUZON&sa=X&ved=2ahUKEwihgrWJ-orrAhXXdd4KHZ6XCzkQsAR6BAgKEAE&cshid=1596867263895444&biw=1366&bih=657

https://www.google.com/search?q=palamuti+sa+katawan+ng+mga+katutubo+sa+visayas&tbm=isch&ved=2ahUKEwjs2oiZnODqAhV-zIsBHf41C3sQ2-cCegQIABAA&oq=palamuti+sa+katawan+ng+mga+katutubo+sa+visayas&gs_lcp=CgNpbWcQAzoECAAQQzoHCAAQsQMQQzoFCAAQsQM6AggAOggIABCxAxCDAToGCAAQChAYOgQIABAYOgQIABAeULyCDFjM9gxg4v0MaABwAHgAgAHwAogB9S6SAQkxMi4zNC4xLjOYAQCgAQGqAQtnd3Mtd2l6LWltZ7ABAMABAQ&sclient=img&ei=HNsXX-zcKP6Yr7wP_sus2Ac&bih=654&biw=1360&client=firefox-b-d

https://www.google.com/search?q=tinubkan+fashion+show&tbm=isch&ved=2ahUKEwiE6_zSreDqAhVBGKYKHVB-Br8Q2-cCegQIABAA&oq=Tinubkan&gs_lcp=CgNpbWcQARgAMgIIADoECAAQQzoFCAAQsQNQzQJYqCZg0jVoAHAAeASAAYIBiAHOI5IBBDMuMzmYAQCgAQGqAQtnd3Mtd2l6LWltZ7ABAMABAQ&sclient=img&ei=ae0XX8SSH8GwmAXQ_Jn4Cw&bih=654&biw=1360&client=firefox-b-d#imgrc=JhQX6Ld4t-YwYM

http://gossipactors.blogspot.com/2011/07/sid-lucero-as-bagani-of-amaya.html

http://beautyandthebest-maris.blogspot.com/2011/06/cast-of-amaya.html

**Rubric sa Karagdagang Gawain**

https://www.slideshare.net/olhen/pagtataya-ng-natutuhan-araling-panlipunan

https://www.slideserve.com/barb/pagtataya-ng-natutuhan